

REDUCE THE RISK

Gun Violence Protection Orders Save Lives

# E-Toolkit ng Komunidad

<u>SAMPOL NA CONTENT NG NEWSLETTER</u>

## Mababawasan ng Pamprotektang Utos ng California ang Panganib ng Karahasan sa Paggamit ng Baril at Nakakapagligtas ng Buhay

Nanatiling seryosong banta sa California ang karahasan sa paggamit ng baril, na maraming buhay ang nanganganib. Upang maiwasan ang trahedya, nagpatupad ang California ng pinakamalakas na mga paraan ng paghadlang sa karahasan sa paggamit ng baril sa bansa, kabilang ang siyam na pamprotektang utos na pansamantalang inaalis ang mga baril sa mga indibidwal na nasa krisis.

Ang mga utos na ito ay nagbibigay-kakayahan sa mga mahal sa buhay, tagapagpatupad ng batas, mga employer, mga opisyal ng paaralan, ang mga korte at iba pang batas na kumilos kapag may lumitaw na babalang sinyales, nakakatulong sa pagpigil ng mga pagpapakamatay, lansakang pamamaril at iba pang ng karahasan. Kung may kilala ka na nanganganib, may makukuhang tulong. Ang pagkilos ay makapagliligtas ng buhay.

Sa pamamagitan ng pansamantalang pagbawi ng mga armas at pansamantalang pagpigil sa kakayahang bumili ng mga armas at bala, napipigilan ng pamprotektang utos tulad ng Gun Violence Restraining Orders (GVROs), Domestic Violence Restraining Orders (DVROs) at Postsecondary School Violence Restraining Orders (SVROs) ang mga trahedya nang walang parusa, nag-aalok sa mga taong nasa krisis ng panahon na humanap ng tulong at pagkakataong magpagaling.

## Paano Nakakapagligtas ng Buhay ang mga Pamprotektang Utos

- Sa GVRO pa lamang, nakaghadlang na ng 58 lansakang pamamaril simula noong ipinatupad ang mga iyon.[1]
- Tumataas ang banta ng pagpatay sa biktima ng mga 5 beses kapag ang may hawak na baril ang mapang-abusong kapartner.[2]
- Tumataas ang banta ng pagpapakamatay nang mga 3.7 beses para sa mga indibidwal na nagtataglay ng baril.[w3]

Ang mga pinakamalapit sa isa na nasa krisis—pampilya, kaibigan, katrabaho—ay madalas unang nakakapansin ng mga babalang sinyales. Ang mga Pamprotektang Utos ay nagbibigay sa mga kaibigan at mga mahal sa buhay ng kapangyarihan na kumilos at maingatan ang mga pinagmamalasakitan nila at napapanatiling ligtass ang kanilang mga komunidad.

**Bawasan ang panganib ng karahasan sa paggamit ng baril at makapagligtas ng buhay. Alamin pa ang tungkol sa mga pamprotektang utos, mag-iskedyul ng pagsasanay at mag-sign up para sa mga update ngayong araw: ReduceTheRisk.CA.gov**

---

[1] Ginamit ang Batas na 'Red Flag' ng California sa 58 Naging Banta na Lansakang Pamamaril. (n.d.). https://www.ucdavis.edu/news/californias-red-flag-law-utilized-58-threatened-mass-shootings

[2] National Library of Medicine. (n.d.). Mga salik na panganib sa karahasang nauugnay sa baril. https://pubmed.ncbi.nlm.nih.gov/12835191/

[3] American Journal of Public Health (ajph) (July 9, 2020) Access sa mga Baril, Intensyong Pagpatay, at Pagpapakamatay: Papel ng Pagdami ng Namamatay

Access sa mga Baril, Intensyong Pagpatay, at Pagpapakamatay: Papel ng Pagdami ng Namamatay | AJPH | Vol. 110 Issue 10